

Para sa Gustong Tumanggap ng Pagbabawas Gaya ng Pagbabawas Para sa Pangangalaga Para sa Kamag-anak na Hindi Residente

Hunyo 2025
National Tax Agency

Sa paggawa ng withholding mula sa suweldo, atbp at proseso ng pagbabago sa katapusan ng taon, kung ang raesidente na tumatanggap ng suweldo, atbp. ay mag-aaplay sa pagbabawas para sa pangangalaga, atbp. (pagbabawas para sa pangangalaga, pagbabawas para sa kabiya, espesyal na pagbabawas para sa kabiya, espesyal na pagbabawas para sa itinalagang kamag-anak ^(Paalala 1) o pagbabawas para sa taong may kapansanan) para sa kamag-anak na hindi residente, kailangan niyang isumite o ipakita sa taong nagbabayad ng suweldo, atbp. ang "mga dokumentong may kaugnayan sa mga kamag-anak", "mga dokumento gaya ng student visa", "mga dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera" o "mga dokumento sa pagpapadala ng 380,000 yen" ayon sa tsart sa ibaba.

« Mga dokumentong kukumpirmahin hinggil sa pagbabawas para sa pangangalaga »

Kategorya ng edad atbp. ng kamag-anak na hindi residente		Mga dokumentong kailangan sa panahon ng pagsumite ng Application Form para sa pagbabawas para sa pangangalaga atbp.	Mga dokumentong kailangan para sa pagbabago sa katapusan ng taon
16 taong gulang pataas at wala pang 30 taong gulang, o 70 taong gulang pataas		"Mga dokumentong may kaugnayan sa mga kamag-anak"	"Mga dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera"
30 taong gulang pataas at wala pang 70 taong gulang	(i) Taong nawalan ng address o tinitirahan sa loob ng Japan dahil sa pag-aaral sa ibang bansa	"Mga dokumentong may kaugnayan sa mga Kamag-anak" at "Mga dokumento gaya ng student visa"	"Mga dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera"
	(ii) Taong may kapansanan	"Mga dokumentong may kaugnayan sa mga kamag-anak"	"Mga dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera"
	(iii) Taong binabayaran mo ng 380,000 yen pataas sa loob ng taong iyon para sa gasutusin para sa pamumuhay o gasutusin para sa edukasyon	"Mga dokumentong may kaugnayan sa mga kamag-anak"	"Mga dokumento sa pagpapadala ng 380,000 yen"
	(Taong hindi kabilang sa (i) ~ (iii) sa itaas)	(Hindi sakop ng pagbabawas para sa pangangalaga)	

« Mga dokumentong kukumpirmahin hinggil sa Pagbabawas para sa kabiya, Espesyal na pagbabawas para sa kabiya, Espesyal na pagbabawas para sa itinalagang kamag-anak o Pagbabawas para sa taong may kapansanan »

Pagbabawas na gusto mong tanggapin	Mga dokumentong kailangan sa panahon ng pagsumite ng Application Form para sa pagbabawas para sa pangangalaga atbp.	Mga dokumentong kailangan para sa pagbabago sa katapusan ng taon
Pagbabawas para sa kabiya, Espesyal na pagbabawas para sa kabiya	"Mga dokumentong may kaugnayan sa mga kamag-anak" * Maari lamang mabawasan kapag naaangkop sa Kabiya na kuwalipikado sa withholding na pagbabawas	"Mga dokumentong may kaugnayan sa mga kamag-anak" at "Mga dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera" ^(Paalala 2)
Espesyal na pagbabawas para sa itinalagang kamag-anak ^(Paalala 1)	"Mga dokumentong may kaugnayan sa mga kamag-anak" *Maari lamang mabawasan kapag ang isang Kamag-anak na kuwalipikado sa withholding	"Mga dokumentong may kaugnayan sa mga kamag-anak" at "Mga dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera" ^(Paalala 2)
Pagbabawas para sa taong may kapansanan	"Mga dokumentong may kaugnayan sa mga kamag-anak"	"Mga dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera"

(Paalala) 1 Ang "Espesyal na pagbabawas para sa itinalagang kamag-anak" ay ipatutupad para sa buwis sa

kita simula sa taong 2025 at mga susunod pa. Para naman sa Income Tax para sa taong 2025, ito ay ipatutupad sa panahon ng pagbabago sa katapusan ng taon sa Disyembre 2025.

2 Kailangang isumite o ipakita ang mga dokumento ng kumpirmasyong ito sa panahon ng pagsumite ng application form para sa pagbabawas para sa kabiyaik o application form para sa espesyal na pagbabawas para sa itinalagang kamag-anak sa oras ng pagbabago sa katapusan ng taon.

At kapag naisumite o naipakita na sa panahon ng pagsumite ng application form para sa pagbabawas para sa pangangalaga atbp. ang "mga dokumentong may kaugnayan sa mga kamag-anak" para sa kamag-anak na hindi residente sa taong nagbabayad ng suweldo atbp., hindi kailangang isumite o ipakita sa taong nagbabayad ng suweldo atbp. ang "mga dokumentong may kaugnayan sa mga kamag-anak" sa panahon ng pagsusumite ng application form para sa pagbabawas para sa kabiyaik o application form para sa espesyal na pagbabawas para sa itinalagang kamag-anak.

Kung gustong tumanggap ng pagbabawas para sa pangangalaga, atbp. para sa kamag-anak na hindi residente sa proseso para sa tax return, kailangan mong ilakip sa application form para sa tax return ang "mga dokumentong may kaugnayan sa mga kamag-anak", "mga dokumento gaya ng student visa", "mga dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera" o "Mga dokumento sa pagpapadala ng 380,000 yen", o ipakita ang mga iyon sa panahon ng pagsusumite ng application form para sa tax return. Pero, hindi ito kailangang gawin kapag naisumite o naipakita na ang mga dokumentong iyon sa taong nagbabayad ng suweldo, atbp. at tumanggap ng pagbabawas sa pangangalaga atbp. sa pagbabago sa katapusan ng taon.

© Ano ang "Mga dokumentong may kaugnayan sa mga kamag-anak"?

Ang "Mga dokumentong may kaugnayan sa mga kamag-anak" ay tumutukoy sa alinman ng dokumento (i) o (ii) sa ibaba (kailangan din ng pagsasalin sa Wikang Japanese) na nagpapatunay na ang kamag-anak mong iyon na hindi residente ay totoong kamag-anak mo.

- (i) Kopya ng supplementary family register o ibang dokumentong inilabas ng Japan o lokal na awtoridad, at kopya ng pasaporte ng kamag-anak na iyon na hindi residente
- (ii) Dokumentong inilabas ng gobyerno ng ibang bansa o lokal na awtoridad ng bansang iyon (kailangang nakalagay diyan ang pangalan, petsa ng kapanganakan, at address o tinitirahan ng kamag-anak na iyon na hindi residente.)
 - (Paalala) 1 Kasali sa dokumentong inilabas ng gobyerno ng ibang bansa o lokal na awtoridad ng bansang iyon ang family register, dokumentong nagpapatunay sa kapanganakan, dokumentong nagpapatunay sa pag-aasawa, atbp.
 - 2 Kapag ang isang dokumento lang ay hindi naglalagay ng lahat sa pangalan, petsa ng kapanganakan, address, at tinitirahan ng kamag-anak na iyon na hindi residente, o hindi puwedeng magpatunay na ang kamag-anak mong iyon na hindi residente ay totoong kamag-anak mo, kailangan mong magpatunay sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng mga dokumento.
 - 3 Tungkol sa mga dokumentong may kaugnayan sa mga kamag-anak, kailangang isumite o ipakita ang orihinal nito maliban sa kopya ng pasaporte ng kamag-anak na naninirahan sa ibang bansa.
 - 4 Kahit wala pang 16 taong gulang ang kamag-anak na hindi residente (kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga na hindi sakop ng pagbabawas para sa pangangalaga), kapag gustong tumanggap ng pagbabawas para sa taong may kapansanan, kailangang isumite o ipakita ang mga dokumentong may kaugnayan sa kamag-anak at mga dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera.
 - 5 Kasali sa kamag-anak na makakatanggap ng pagbabawas para sa pangangalaga, atbp. ang kamag-anak sa dugo hanggang sa ika-6 degri, kabiyaik, at kamag-anak sa pag-aasawa hanggang sa ika-3 degri.

© Ano ang "Mga dokumento gaya ng student visa"?

Ang "Mga dokumento gaya ng student visa" ay tumutukoy sa alinman ng dokumento (i) o (ii) sa ibaba na inilabas ng gobyerno ng ibang bansa o lokal na awtoridad (Kailangan din ng pagsasalin sa Wikang Japanese) na nagpapatunay na ang kamag-anak na hindi residenteng iyon ay nawalan ng address o tinitirahan sa loob ng Japan dahil sa paninirahan sa ibang bansa salig sa pagkakaroon ng status of residence para sa pag-aaral sa ibang bansang iyon.

- (i) Kopya ng dokumento gaya ng visa sa ibang bansa
- (ii) Kopya ng dokumento katumbas ng residence card sa ibang bansa

© Ano ang "Mga dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera"?

Ang "Mga dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera" ay tumutukoy sa mga dokumento sa ibaba (kailangan din ng pagsasalin sa Wikang Japanese) na nagpapatunay na nagpadala ka ng pera para sa gastusin sa buhay o sa pagtanggap ng edukasyon ng kamag-anak na iyon na hindi residente.

- (i) Mga dokumentong inilabas ng pinansyal na institusyon o mga kopya nito na nagpapatunay na nagpadala ka sa kamag-anak na hindi residente sa pamamagitan ng palitan ng salapi sa transaksyon na ginawa ng pinansyal na institusyong iyan.
- (ii) Mga dokumentong inilabas ng kompanya ng credit card o mga kopya nito na nagpapatunay na ang

kamag-anak na hindi residente ay bumili ng mga bagay o tumanggap ng serbisyo gamit ang credit card na ibinigay ng kompanya ng credit card, at na tumanggap o tatanggap siya mula sa iyo ng perang katumbas ng halagang iyon.

- (iii) Dokumento o kopya nito ng kompanyang nagti-trade sa paraan ng elektronikong pagbabayad (kasali rito ang itinakdang mga bangko, atbp. o kompanyang nagta-transfer ng pondo na naglalaan ng paraan ng elektronikong pagbabayad), na nagpapakitang binayaran mo kamag-anak na hindi residente na iyon sa pamamagitan ng pagpapalipat sa paraan ng elektronikong pagbabayad na isinasagawa ng kompanyang iyon na nagti-trade sa paraan ng elektronikong pagbabayad, atbp.

(Paalala) 1 Kasali sa mga dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera ang mga sumusunod. Pakisuyong alalahanin na hindi ka makakatanggap ng pagbabawas para sa pangangalaga, atbp. kapag ibinigay mo sa kamag-anak na hindi residente ang gastusin sa buhay, atbp. sa cash sa pamamagitan ng iyong kakilala, dahil sa kasong ito wala ang dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera.

- (i) Kopya ng request form para sa pagpapadala ng pera sa ibang bansa

* Kailangan mong isumite ang kopya ng request form para sa pagpapadala ng pera sa ibang bansa, ng taong iyon.

- (ii) Credit card statement

*1 Ang credit card statement ay tumutukoy sa statement may kinalaman sa credit card na ginawa mo ang kontrata sa kompanya ng credit card na iyon, ginawa para sa paggamit ng kamag-anak na hindi residente, at ikaw ang magbabayad para sa paggamit nila (o tinatawag na family card). Sa kasong ito, ituturing ang statement na iyon bilang mga dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera may kinalaman sa kamag-anak na hindi residente na nagiging cardholder ng family card.

2 Ang credit card statement ay magsisilbing mga dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera para sa taon kung kailan ginamit ang credit card na iyan.

- (iii) Kopya ng request form kung hihiling sa electronic payment instruments service provider ng electronic payment instruments transfer sa ibang bansa

*1 Ang "electronic payment instruments service provider" ay tumutukoy sa taong inirehistro ng Prime Minister bilang taong magsasagawa ng negosyo sa electronic payment instruments service, tulad ng electronic payment instruments na pagbili at pagbenta o exchange sa ibang electronic payment instruments. Gayundin, ang "electronic payment instruments" ay tumutukoy sa tinatawag na stable coins na inilalabas sa presyong nakaugnay sa halaga ng legal tender, at property value na maaaring ilipat gamit ang electronic data processing system na nakalista sa Artikulo 2, Talata 5 ng Payment Services Act, bilang mga pangako ng redemption sa halagang katumbas ng inilabas na presyo at mga bagay na may katangian na katumbas nito.

2 Ang request form ay dapat isang kopya ng request form na electronic payment instruments transfer sa ibang bansa sa taon na iyon.

- 2 Kung gustong tumanggap ng pagbabawas para sa pangangalaga, atbp. para sa mahigit dalawang kamag-anak na hindi residente, kailangan mong ipadala ang pera para sa bawat kamag-anak na iyon.

Kaya, bilang halimbawa, kapag ang kabiya at anak mo ay mga kamag-anak na hindi residente, at saka nagpapadala sa kabiya mo nang isahan ng pera para sa gastusin sa buhay, ang mga dokumentong iyan na may kaugnayan sa pagpapadala ng pera ay magagamit mo bilang mga dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera para sa kabiya mo, pero hindi bilang mga dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera para sa anak mo.

- 3 Tungkol sa mga dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera, kailangan mong isumite o ipakita ang lahat ng dokumento para sa pagpapadala ng pera, atbp. sa taon na para dito gusto mong tumanggap ng pagbabawas para sa pangangalaga, atbp.

Pero, kapag nagpadala ka ng pera, atbp. sa parehong kamag-anak na hindi residente nang 3 beses o higit pa sa isang taon, sapat na isumite lang ang statement na nakalagay ang itinalagang mga bagay at isumite o ipakita ang mga dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera sa panahon ng una at huling pagpapadala ng pera, atbp. sa kamag-anak na iyan na hindi residente, at hindi mo kailangang isumite o ipakita ang iba pang mga dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera.

Sa kasong ito, kailangan mong itago ang mga dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera na hindi mo isinumite o ipinakita.

- 4 Kahit wala pang 16 taong gulang ang kamag-anak na hindi residente (kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga na hindi sakop ng pagbabawas para sa pangangalaga), kapag gustong tumanggap ng pagbabawas para sa taong may kapansanan, kailangang isumite o ipakita ang mga dokumentong may kaugnayan sa kamag-anak at mga dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera.

© Ano ang "Mga dokumento sa pagpapadala ng 380,000 yen"?

Ang "Mga dokumento sa pagpapadala ng 380,000 yen" ay tumutukoy sa mga dokumentong nagpapakitang 380,000 yen pataas ang kabuuang halaga ng binayaran mo sa bawat kamag-anak na iyon na hindi residente sa loob ng taong iyon sa "Mga dokumento may kaugnayan sa pagpapadala ng pera".

(Paalala) Tungkol sa mga dokumento sa pagpapadala ng 380,000 yen, kailangang isumite o ipakita ang lahat ng

dokumento ng pagpapadala ng pera atbp. sa taon kung saan inilapat ang pagbabawas para sa pangangalaga.

Pero, kapag nagpadala ka ng pera, atbp. sa parehong kamag-anak na hindi residente nang 3 beses o higit pa sa isang taon, sapat na isumite lang ang statement na nakalagay ang itinalagang mga bagay at isumite o ipakita ang mga dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera sa panahon ng una at huling pagpapadala ng pera, atbp. sa kamag-anak na iyan na hindi residente, at hindi mo kailangang isumite o ipakita ang iba pang mga dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera.

At kapag wala pang 380,000 yen ang kabuuang halaga ng perang ipinadala na nauugnay sa "Mga dokumantong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera sa panahon ng una at huling pagpapadala ng pera,atbp. " sa itaas, kailangang isumite o ipakita ang dokumentong nagpapatunay na 380,000 yen pataas ang kabuuang halaga ng perang ipinadala sa kamag-anak na hindi residente sa taong iyon kasabay ng pagsumite ng "Mga dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera sa panahon ng una at huling pagpapadala ng pera atbp.". (Halimbawa, kapag 300,000 yen ang kabuuang halaga ng perang ipinadala na nauugnay sa "Mga dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera sa panahon ng una at huling pagpapadala ng pera atbp.", bilang karagdagan sa mga dokumentong ito, kailangang isumite o ipakita ang dokumentong nagpapakita na 80,000 yen (380,000 yen – 300,000 yen) pataas ang halaga ng perang ipinadala atbp.).

Gayundin, kailangan mong itago ang mga dokumento sa pagpapadala ng 380,000 yen na hindi isinumite o ipinakita.

* Ang leaflet na ito ay inihanda batay sa itinatala sa batas na may kinalaman sa Income Tax Act at iba pa, sa kasalukuyan noong Hunyo 1, 2025